Pangalan: Riel M. Francisco
Paksa ng Khutbah: “Ang Pagsubok sa Mundong Ito”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Ang Mundong ating ginagalawan ay hindi lugar ng pangmatagalang kasiyahan bagkus, ito ay puno ng mga pagsubok at pagdurusa na ating kinakaharap bilang bahagi ng ating paniniwala at pananampalataya. Bilang mga alipin ni Allah, kailangang maging handa tayo sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay, dahil ang anumang kaligayahan dito ay may katapusan, at ang tunay na kaligayahan ay natatamo sa pagtanggap at pagyakap sa kalooban ni Allah. Sa kabila ng kahirapan at pagdurusang dumarating, ang pagtitiwala sa Kanya ang magdadala sa atin ng kapayapaan at pag-asa sa kaligayahang panghabang-buhay. Kaya si Allah ay nagsabi:

﴿ وَلَا تَهِنُوا وَلَا تَحْزَنُوا وَأَنتُمُ الْأَعْلَوْنَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴾ آل عمران: 139

***“At huwag kayong maging mahina, at huwag kayong malungkot at kayo ay magtatagumpay kung kayo ay tunay na mananampalataya."*** (Alo ‘Imran: 3)

Dapat malaman ng isang tao na dadaan siya sa mga pagsubok ni Allah bago niya makamit ang tagumpay.

Ang Dakilang Allah ay nagwika:

﴿ أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ وَلَمَّا يَأْتِكُم مَّثَلُ الَّذِينَ خَلَوْا مِن قَبْلِكُم ۖ مَّسَّتْهُمُ الْبَأْسَاءُ وَالضَّرَّاءُ وَزُلْزِلُوا حَتَّىٰ يَقُولَ الرَّسُولُ وَالَّذِينَ آمَنُوا مَعَهُ مَتَىٰ نَصْرُ اللَّهِ ۗ أَلَا إِنَّ نَصْرَ اللَّهِ قَرِيبٌ ﴾
البقرة: 214

***"Iniisip ba ninyo, O kayong nananampalataya sa Allah, na kayo'y makapapasok ng 'Al-Jannah' (Paraiso) nang walang pagsubok na darating sa inyo, na katulad ng mga pagsubok sa mga mananampalatayang nauna sa inyo, na mga kahirapan, mga sakit, pagkatakot, mga paglindol at iba pang mga uri ng mga nakatatakot? Hanggang sa sinabi ng isa sa Sugo ng Allah para sa kanila at ng mga naniwala, bilang pag-asam na paratingin nang madali ang tulong mula sa Allah: Kailan darating ang tulong ng Allah? Walang pag-aalinlangan! Katiyakang malapit na ang tulong ng Allah sa mga mananampalataya."*** (Al-Baqarah: 214)

Ganon katindi at kahirap ang kanilang pinagdadaan, ngunit pagkatapos ng mga paghihirap na iyon ay nakamit nila ang Habag, Awa, Kapatawaran at Tagumpay na walang iba kundi ang Paraiso ni Allah at doon sila maninirahan magpasawalang hanggan. Wala nang paghihirap at sakit kundi puro na lang kaligayahan.

Ang Dakilang Allah ay nagwika:

﴿ أَحَسِبَ النَّاسُ أَن يُتْرَكُوا أَن يَقُولُوا آمَنَّا وَهُمْ لَا يُفْتَنُونَ (2) وَلَقَدْ فَتَنَّا الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۖ فَلَيَعْلَمَنَّ اللَّهُ الَّذِينَ صَدَقُوا وَلَيَعْلَمَنَّ الْكَاذِبِينَ (3) ﴾ العنكبوت: 102

***"Iniisip ba ng mga tao na kapag sinabi nilang: 'Naniwala kami' ay pababayaan na lamang sila ng Allah at hindi magkakaroon ng pagsubok sa kanila? Katiyakan, sinubok Namin ang mga nauna sa kanila sa pamamagitan ng pagpapadala Namin ng mga Sugo, upang sa pamamagitan nito ay walang pag-aalinlangang palilitawin ng Allah kung sino ang tapat at totoo sa kanilang paniniwala, gayundin ang mga hindi totoo."*** (Al-Ankabut: 2-3)

Si Imam ibnul Qayyim (rahimahullah) ay nagsabi: "Kapag inilagay ni Allah ang isang tao sa ilang mga pagsubok o paghihirap at nauunawaan ng taong ito na kay Allah lamang siya hihingi ng tulong, ito ay mabuting tanda para sa kanya; ang mga pagsubok ay nagiging pagdadalisay at habag. Sa kabilang banda, kung siya

ay tumatanggi, nagrereklamo o tumatalikod kay Allah at humihingi lamang siya ng saklolo sa mga kapwa niya nilalang, ito ay masamang tanda para sa kanya; ang mga pagsubok ay nagiging parusa at kalbaryo para sa kanya." (Tareequl-Hijratayn, ftn 103, p. 259)

Kaya mga alipin ni Allah, tayo ay tiyak na makadaranas ng mga pagsubok sa buhay, ngunit bago pa man dumating ang bagay na ito ay ihanda na natin ang ating mga sarili sa mga ‘Ibadah, mga Du’a, kabutihang gawa at lalo na ang pagbibigay ng kawanggawa at hilingin natin kay Allah na kung tayo man ay susubukan, nawa’y ito ang maging dahilan na tayo ay makapasok sa Paraiso.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid at mga magulang sa pananampalataya, ang bawat pagsubok na dumarating sa ating buhay ay isang pamamaraan ni Allah upang itaas ang ating antas. Nang dahil sa Awa ni Allah sa atin ay itinataas niya tayo sa pamamagitan ng pagsubok, isang pagtataas ng antas na hindi natin kayang makamit sa pamamagitan ng ating mga gawain ngunit ito ay makakamit sa pamamagitan ng ating pagtitiis. Kaya, anumang lakas ng hangin o hampas ng alon sa ating buhay dapat tayo ay manatiling matatag at mapagbata dahil dito ay mayroong nakalaang gantimpala na napakalaki na hindi mapapantayan ng anumang gawain.

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"إِنَّ العَبْدَ إِذَا سَبَقَتْ لَهُ مِنَ اللهِ مَنْزِلَةٌ لَمْ يَبْلُغْهَا بِعَمَلِهِ اِبْتَلاهُ الله فِي جَسَدِهِ أَو فِي مَالِهِ أَو فِي وَلَدِهِ ثُمَّ صَبَّرَهُ على ذَلِكَ حَتَّى يَبْلُغَهُ المَنْزِلَةَ الّتِي سَبَقَتْ لَهُ مِنَ اللهِ تَعَالَى." رَوَاهُ أَحْمد وَأَبُو دَاوُد

*“Kung si Allah ay magnais para sa kanyang alipin ng isang antas na hindi niya kayang abutin sa pamamagitan ng kanyang gawa, kung gayon si Allah ay maglalagay sa kanya ng pagsubok sa kanyang katawan, kayamanan at mga anak. At siya ay magtitiis hanggang sa maabot niya ang antas na iyon mula kay Allah.”* (Inulat nina Ahmad at Abu Dawud)

Kaya dapat na tayo ay magtiis upang tayo ay manaig laban sa anumang pagsubok dito sa Mundo. Ito ang isa sa mga ibig sabihin ng sinabi ni Allah:

﴿ فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (5) إِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (6) ﴾ الشرح: 5-6

***“Kaya't katotohanan, sa paghihirap, mayroong ginhawa. Katotohanan, sa kahirapan, ay may kaginhawahan.”*** (Ash-Sharh: 5-6)

Kaya’t kapag tayo ay sinubukan sa pamamagitan ng sakit, huwag malungkot, bagkus isipin natin na ito ay biyaya sa atin sapagkat ito ay nagdadalisay ng ating mga kasalanan. Huwag malungkot sapagkat ang sakit ay hindi katapusan ng lahat, kundi ito ay simula ng malalaking gantimpala kung tayo ay nagpatuloy sa pagtitiis at pagsamba sa ating Panginoon.

Kapag tayo ay sinubukan ng kahirapan sa buhay, huwag malungkot sapagkat hindi naman ang yaman ang nagbibigay sa atin ng mataas na antas sa Paningin ni Allah kundi ang pagkatakot sa Kanya. Ang kahirapan ay nakakatulong din sa atin upang mas mapalapit kay Allah sa pamamagitan ng pagtitiis, pag-alaala, at palagiang paghingi sa Kanya; ito ay mga pagsamba na nagtataglay ng mga malalaking gantimpala.

Kapag tayo ay sinubukan ng pang-aapi at pang-aalipusta, huwag malungkot sapagkat walang makakahulagpos kay Allah at sa mga nakatalagang tagapagbantay ng bawat isa sa atin. Bawat sakit at kahihiyan na ating natamo dito sa Mundo ay pagbabayaran nila sa kabilang-buhay, at tayo ay babayaran din ng gantimpala dahil sa ating pagtitiis.

At kung tayo ay sinubukan ng kamatayan, sino ba ang ligtas mula rito?
Kaya’t tumawag kay Allah, magtiis at tanggapin ang Kanyang mga itinakda.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***